




## Pagpaplano para sa pagtuto sa Mga Taong 11 at 12

Ang pag-aaral sa senior high school ay kapanapanabik na panahon para sa mga mag-aaral ng Queensland at mahalagang hakbang sa paghahanda para sa kanilang hinaharap.

Ang mga paaralan ay nagtatrabaho kasama ng mga mag-aaral ng Taon 10 at kanilang mga pamilya upang tulungan sila na planuhin ang kanilang mga hangarin sa edukasyon, pagsasanay at career at imapa ang kanilang pathway para sa Queensland Certificate of Education (QCE).

## Ang Queensland Certificate of Education (QCE, Sertipiko ng Edukasyon sa Queensland)

Ang QCE ay ang kuwalipikasyon sa pag-aaral sa senior high school ng Queensland. Ito ay kinikilala sa buong mundo at isang palatandaan ng pang-akademiko at personal na tagumpay.

Pinapahintulutan ng QCE ang mga mag-aaral na magdisenyo ng pathway na tama para sa kanila — ang kanilang mga hangarin pagkatapos ng Taon 10 ay maging alinman sa:

- pag-aaral sa unibersidad
- makapaghanap ng skilled work (trabahong ginagamitan ng bihasang kakayahan)
- pumasok sa TAFE o iba pang pagsasanay.

Makakapili ang mga mag-aaral mula sa isang malawak na hanay ng mga asignatura at kurso, kabilang ang mga asignatura ng Queensland Curriculum and Assessment Authority (QCAA, Awtoridad sa Kurikulum at Pagtatasa ng Queensland), bokasyonal na edukasyon at pagsasanay (vocational education and training, VET), mga apprenticeship na nakabase sa paaralan at mga traineeship o iba pang mga kinikilalang kurso.

## Paano gumagana ang QCE?

Upang makamit ang QCE, kailangang makumpleto ng mag-aaral ang isang nakatakdang dami ng pag-aaral sa itinakdang pamantayan, sa itinakdang pattern, at matugunan ang mga kinakailangan sa literasiya at numerasiya.

**Itinakdang dami**

20 credit mula sa mga umaambag na kurso ng pag-aaral, kabilang ang:

- Mga asignatura o kurso na binuo ng QCAA
- mga kuwalipikasyon sa bokasyonal na edukasyon at pagsasanay
- mga pag-aaral na hindi para sa Queensland
- mga kinikilalang pag-aaral

**Itinakdang pamantayan**

Kasiya-siyang pagkumpleto, grado na C o mas mahusay pa, kahusayan o pagkumpleto ng kuwalipikasyon, pagpasa o katumbas

**Itinakdang pattern**

12 credit mula sa mga nakumpletong Core na kurso ng pag-aaral at 8 credit mula sa anumang kombinasyon ng:

- Core (Pangunahin)
- Preparatory (Paghahanda) (pinakamarami ang 4)
- Complementary (Pantulong) (pinakamarami ang 8)

**Literasiya at numerasiya**

Kailangang matugunan ng mga mag-aaral ang mga kinakailangan para sa literasiya at numerasiya sa pamamagitan ng isa sa mga magagamit na opsyon sa pag-aaral.

## Mga asignatura at kurso

Isang malawak na hanay ng mga asignatura at kurso ay maaaring mag-ambag ng mga credit patungo sa QCE.

Karamihan sa mga mag-aaral ay aaralin ang anim na asignatura/kurso sa mga Taong 11 at 12. Marami ang pumipili ng mga kursong VET bilang bahagi ng kanilang pathway sa QCE at ang ilan ay pumipili na palawakin ang kanilang natututunan gamit ang mga asignatura sa unibersidad o iba pang mga kinikilalang kurso.

Ang pleksibilidad ng QCE ay nangangahulugang maaaring pumili ang mga mag-aaral ng pathway na angkop sa mga hangarin nila.

Sa loob ng itinakdang kinakailangang pattern, may tatlong kategorya ng pag-aaral — Core (Pangunahin), Preparatory (Paghahanda) at Complementary (Pantulong). Kapag natugunan ang itinakdang pamantayan, idadagdag ang credit sa learning account ng mag-aaral.

### Mga Pangkalahatang asignatura ng QCAA — Core na kategorya ng pag-aaral

Ang mga pangkalahatang asignatura ay naghahanda sa mga mag-aaral para sa pag-aaral sa tersiyaryong edukasyon, karagdagang edukasyon at pagsasanay at trabaho. Umaambag sila ng **hanggang apat na credit bawat asignatura** sa isang QCE at umaambag rin sa isang Australian Tertiary Admission Rank (ATAR, Ranggo para Makapasok sa Tersiyaryong Paaralan sa Australia). Kabilang sa mga halimbawa ang English (Ingles), General Mathematics (Pangkalahatang Matematika), Ancient History (Sinaunang Kasaysayan), Biology (Biyolohiya) at Music Extension (Pinahabang Pag-aaral sa Musika).

### Mga Applied na asignatura ng QCAA — Core na kategorya ng pag-aaral

Ang mga applied na asignatura ay nakatuon sa mga praktikal na kasanayan at naghahanda sa mga mag-aaral para sa karagdagang edukasyon at pagsasanay at trabaho. Maaari silang umambag ng **hanggang apat na credit bawat asignatura** sa isang QCE at ang isang Applied na asignatura ay maaari ring umambag sa isang ATAR kapag pinagsama sa apat na Pangkalahatang asignatura. Kabilang sa mga halimbawa ang Essential English (Mahalagang Ingles), Essential Mathematics (Mahalagang Matematika), Business Studies (Mga Pag-aaral sa Negosyo), Industrial Technology Skills (Mga Kasanayan sa Pang-industriyang Teknolohiya) at Tourism (Turismo).

### Mga Maiikling Kurso ng QCAA — Preparatory (Paghahanda) o Complementary (Pantulong) na kategorya ng pag-aaral, depende sa kurso

Ang mga Maiikling Kurso ay angkop sa mga mag-aaral na interesado sa mga pathway patungo sa bokasyonal na edukasyon at pagsasanay o karagdagang edukasyon at pagtatrabaho. Maaari ito umambag ng **isang credit sa QCE**, pero hindi ito umaambag sa isang ATAR. Kabilang sa mga halimbawa ang Short Course in Literacy (Maikling Kurso sa Literasiya), Short Course in Numeracy (Maikling Kurso sa Numerasiya) at Short Course in Aboriginal & Torres Strait Islander Languages (Maikling Kurso sa Mga Wika ng Aborigine at Torres Strait Islander).

### Bokasyonal na edukasyon at pagsasanay (vocational education and training, VET) ng QCAA — Core (Pangunahin), Preparatory (Paghahanda) o Complementary (Pantulong) na kategorya ng pag-aaral, depende sa kurso

Hinahanda ng VET ang mga mag-aaral para sa pagtatrabaho sa pamamagitan ng praktikal na pag-aaral at isang mahalagang bahagi ng pag-aaral sa senior high school para sa maraming mag-aaral. Humigit-kumulang 60% ng mga mag-aaral ng senior high school ay nakakatamo sa mga kuwalipikasyon ng VET. Sa mga nagdaang taon, ang pinakapopular na kurso ay sa negosyo, information & communication technology (ICT, teknolohiya sa impormasyon at komunikasyon), hospitality, konstruksyon, kalakasan ng katawan, at sport at libangan.

Maaari ring humantong ang VET sa karagdagang edukasyon at pagsasanay at maaaring umambag ng **hanggang walong credit bawat kurso** sa isang QCE. Ang dami ng credit ay maaaring magkakaiba, depende sa uri ng kuwalipikasyon. Ang isang kuwalipikasyon ng VET sa Certificate III o higit pa ay maaari ring umambag sa isang ATAR.

### Iba pang mga kurso — Core (Pangunahin), Preparatory (Paghahanda) o Complementary (Pantulong) na kategorya ng pag-aaral, depende sa kurso

Ang iba pang mga kurso ay nagpapahintulot sa mga mag-aaral na pag-aralan ang isang partikular na larangan na interesado siya, sa pamamagitan ng mga kinikilalang sertipiko at parangal, o mga asignatura sa unibersidad habang nasa paaralan. Ang credit sa QCE at pagiging karapat-dapat sa ATAR ay magkakaiba, depende sa kurso. Ang mga pag-aaral na hindi para sa Queensland katulad ng International Baccalaureate o iba pang mga kurso na nakumpleto nang interstate ay kabilang sa kategoryang ito.





## Pagtatasa

Kung paano tatasahin ang mga mag-aaral sa mga Taon 11 at 12 ay magdedepende sa kung ano ang kanilang pinag-aaralan.

- **Mga Pangkalahatang asignatura ng QCAA**

  Ang mga pangkalahatang asignatura ay may tatlong panloob na pagtatasa (na itinatakda at ginagraduhan ng mga paaralan) at isang panlabas na pagtatasa (na itinatakda at ginagraduhan ng QCAA). Sa karamihan ng mga asignatura, ang panlabas na pagtatasa ay umaambag sa 25% ng panghuling resulta para sa asignatura. Sa mga asignatura ng Matematika at Agham, ang panlabas na pagtatasa ay umaambag sa 50%. Ang mga mag-aaral sa bawat asignatura ay uupo para sa mga pagtatasa sa parehong oras sa mga paaralan sa kabuuan ng Queensland.

- **Mga Applied na asignatura ng QCAA**

  Ang mga applied na asignatura ay may apat na panloob na pagtatasa (na itinatakda at ginagraduhan ng mga paaralan). Sa Essential English (Mahalagang Ingles) at Essential Mathematics (Mahalagang Matematika), ang isa sa mga pagtatasa ay isang karaniwang panloob na pagtatasa (na itinatakda ng QCAA at ginagraduhan ng mga paaralan).

- **Mga Maiikling Kurso ng QCAA**

  Ang Mga Maiikling Kurso ay may dalawang panloob na pagtatasa (na itinatakda at ginagraduhan ng mga paaralan).

- **VET**

  Ang pagtatasa ng VET ay maaaring magkakaiba, depende sa uri ng kurso. Maaaring kabibilangan ito ng obserbasyon, nakasulat na pagtatasa, pagtatanong, mga muwestra ng trabaho o feedback ng ikatlong partido.

- **Iba pang mga kurso**

  Ang pagtatasa sa iba pang mga kurso ay magkakaiba, depende sa kurso.

## Pagpasok sa tersiyaryong paaralan

Gagamitin ang Australian Tertiary Admission Rank (ATAR) upang piliin ang mga nakapagtapos ng senior high school para sa pagpasok sa tersiyaryong paaralan mula 2020. Ginagamit ang ATAR sa buong bansa at nagpapahiwatig sa posisyon ng mag-aaral kung ihambing sa iba pang mga mag-aaral na karapat-dapat para sa ATAR. Ang mga ATAR ng Queensland ay batay sa mga katangian ng mag-aaral na:

- pinakamahusay na limang resulta sa Pangkalahatang asignatura, o
- pinakamahusay na resulta sa apat na Pangkalahatang asignatura, dagdag pa ang isang Applied na asignatura, o
- pinakamahusay na resulta sa apat na Pangkalahatang asignatura, dagdag pa ang isang kuwalipikasyon sa VET na nasa Certificate III o mas mahusay pa.

Kakalkulahin ng Queensland Tertiary Admissions Centre (QTAC) at mag-iisyu sila ng mga ATAR para sa mga mag-aaral sa Taon 12. Makakakuha ka ng higit pang impormasyon sa website nito na: www.qtac.edu.au.

## Queensland Certificate of Individual Achievement (QCIA, Sertipiko ng Indibidwal na Pagganap sa Queensland)

Kinikilala at iniuulat ng QCIA ang mga pagganap ng mga mag-aaral na ang pag-aaral ay bahagi ng kanilang programa sa indibidwal na pag-aaral. Upang maging karapat-dapat, kailangang may kapansanan o kahirapan ang mga estudyante sa pagtuto na hindi pangunahing dulot ng mga panlipunan at pang-ekonomiya, kultural o pang-wikang salik.

## Mga resulta at pag-uulat

Ang mga panghuling resulta sa asignatura ng mag-aaral at QCE ay ilalabas sa kanilang learning account sa myQCE website sa Disyembre — sa katapusan ng Taon 12.

Ang mga learning account para sa mga mag-aaral sa bagong sistema ng QCE ay makukuha sa huling bahagi ng 2019.

## Karagdagang Impormasyon

**myqce.qcaa.qld.edu.au**

Ang myQCE website (para sa mga mag-aaral na nagkukumpleto sa Taon 12 mula 2020) ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga asignatura at mga kurso, pagtatasa at mga resulta, mga tip sa pag-aaral at higit pa. Makipag-usap sa iyong paaralan tungkol sa mga asignatura at mga kurso na kanilang ibinibigay.

**qcaa.qld.edu.au**

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa kurikulum ng senior high school, kabilang ang mga syllabus para sa mga asignatura ng QCAA, ay makukuha sa website ng QCAA.

190627

Nobyembre 2019

# Pag-aaral sa senior high school sa Queensland

Isang patnubay para sa mga magulang at mga tagapag-alaga ng mga mag-aaral na nagkukumpleto sa Taon 12 mula 2020




Queensland Government

Queensland Curriculum & Assessment Authority

*Para sa lahat ng mga paaralan ng Queensland*